

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Diyos Yugto 15

Huwag lumabag sa Salita ng Diyos

"1 At, narito, dumating ang isang lalake ng Dios na mula sa Juda ayon sa salita ng Panginoon sa Beth-el: at si Jeroboam ay nakatayo sa siping ng dambana upang magsunog ng kamangyan. 2At siya'y sumigaw laban sa dambana ayon sa salita ng Panginoon, at nagsabi, Oh dambana, dambana, ganito ang sabi ng Panginoon: Narito, isang bata'y ipanganganak sa sangbahayan ni David na ang pangalan ay Josias: at sa iyo'y ihahain ang mga saserdote ng mga mataas na dako na nagsisipagsunog ng kamangyan sa iyo, at mga buto ng mga tao ang kanilang susunugin sa iyo. 3At siya'y nagbigay ng tanda nang araw ding yaon, na nagsasabi, Ito ang tanda na sinalita ng Panginoon: Narito, ang dambana ay mababaak, at ang mga abo na nasa ibabaw ay mabubuhos. 4At nangyari, nang marinig ng hari ang sabi ng lalake ng Dios, na kaniyang isinigaw laban sa dambana sa Beth-el, na iniunat ni Jeroboam ang kaniyang kamay mula sa dambana, na sinasabi, Hulihin siya. At ang kaniyang kamay na kaniyang iniunat laban sa kaniya ay natuyo, na anopa't hindi niya napanauli sa dati. 5Ang dambana naman ay nabaak, at ang mga abo ay nabuhos mula sa dambana, ayon sa tanda na ibinigay ng lalake ng Dios ayon sa salita ng Panginoon. 6At ang hari ay sumagot, at nagsabi sa lalake ng Dios, Isamo mo ngayon ang biyaya ng Panginoon mong Dios, at idalangin mo ako, upang ang aking kamay ay gumaling. At idalangin ng lalake ng Dios sa Panginoon, at ang kamay ng hari ay gumaling uli, at naging gaya ng dati. 7At sinabi ng hari sa lalake ng Dios, Umuwi kang kasama ko, at kumain ka, at bibigyan kita ng kagantihan. 8At sinabi ng lalake ng Dios sa hari, Kung ang ibibigay mo sa akin ay kalahati ng iyong bahay ay hindi ako yayaong kasama mo, o kakain man ako ng tinapay o iinom man ako ng tubig sa dakong ito: 9Sapagka't gayon ibinilin sa akin sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na sinasabi, Huwag kang kakain ng tinapay, o iinom man ng tubig, ni babalik man sa daan na iyong pinanggalingan. 10Sa gayo'y yumaon siya sa ibang daan, at hindi na bumalik sa daan na kaniyang pinanggalingan sa Beth-el. 11Tumatahan nga ang isang matandang propeta sa Beth-el; at isa sa kaniyang mga anak ay naparoon, at isinaysay sa kaniya ang lahat ng mga gawa na ginawa ng lalake ng Dios sa araw na yaon sa Beth-el: ang mga salita na kaniyang sinalita sa hari, ay siya ring isinaysay nila sa kanilang ama. 12At sinabi ng kanilang ama sa kanila, Saan siya napatungo? At itinuro sa kaniya ng kaniyang mga anak ang daang pinatunguhan ng lalake ng Dios na nanggaling sa Juda. 13At sinabi niya sa kaniyang mga anak, Siyahan ninyo sa akin ang asno. Sa gayo'y kanilang siniyahan ang asno sa kaniya: at kaniyang sinakyan. 14At kaniyang sinundan ang lalake ng Dios, at nasumpungan niyang nakaupo sa ilalim ng isang puno ng encina: at sinabi niya sa kaniya, Ikaw ba ang lalake ng Dios na nanggaling sa Juda? At sinabi niya, Ako nga. 15Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniya, Umuwi kang kasama ko, at kumain ng tinapay. 16At sinabi niya, Hindi ako makababalik na kasama mo, o makapapasok na kasama mo: ni makakain man ng tinapay o makaiinom man ng tubig na kasalo mo sa dakong ito: 17Sapagka't isinaysay sa akin sa pamamagitan ng salita ng Panginoon. Huwag kang kakain ng tinapay o iinom man ng tubig doon, o babalik man na yumaon sa daan na iyong pinanggalingan. 18At sinabi niya sa kaniya, Ako man ay propeta na gaya mo; at isang anghel ay nagsalita sa akin sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na nagsasabi, Ibalik mo siya na kasama mo sa iyong bahay, upang siya'y makakain ng tinapay at makaiinom ng tubig. Nguni't siya'y nagbulaan sa kaniya. 19Sa gayo'y bumalik na kasama niya, at kumain ng tinapay sa kaniyang bahay at uminom ng tubig. 20At nangyari, samantalang sila'y nauupo sa dulang, na ang salita ng Panginoon ay dumating sa propeta na nagpabalik sa kaniya: 21At siya'y sumigaw sa lalake ng Dios na nanggaling sa Juda, na sinasabi, Ganito ang sabi ng Panginoon: Sa paraang ikaw ay naging manunuway sa bibig ng Panginoon, at hindi mo iningatan ang utos na iniutos ng Panginoon sa iyo, 22Kundi ikaw ay bumalik at kumain ng tinapay, at uminom ng tubig sa dakong kaniyang pinagsabihan sa iyo: Huwag kang kumain ng tinapay, at huwag kang uminom ng tubig; ang iyong bangkay ay hindi darating sa libingan ng iyong mga magulang. 23At nangyari, pagkatapos na makakain ng tinapay, at pagkatapos na makaiinom, na siniyahan niya ang asno para sa kaniya, sa makatuwid baga'y, para sa propeta na kaniyang pinabalik. 24At nang siya'y makayaon, isang leon ay nasalubong niya sa daan, at pinatay siya: at ang kaniyang bangkay ay napahagis sa daan, at ang asno ay nakatayo sa siping; ang leon naman ay nakatayo sa siping ng bangkay. 25At, narito, may mga taong nagsipagdaan, at nakita ang bangkay na nakahagis sa daan, at ang leon ay nakatayo sa siping ng bangkay: at sila'y yumaon at isinaysay nila sa bayan na kinatahanan ng matandang propeta. 26At nang marinig ng propeta na nagpabalik sa kaniya sa daan, sinabi niya: Lalake nga ng Dios, na naging masuwayin sa bibig ng Panginoon, kaya't ibinigay siya ng Panginoon sa leon, na lumapa sa kaniya at pumatay sa kaniya ayon sa salita ng Panginoon, na sinalita sa kaniya. 27At sinalita niya sa kaniyang mga anak na sinasabi, Siyahan ninyo sa akin ang asno. At kanilang siniyahan. 28At siya'y yumaon, at nasumpungan ang kaniyang bangkay na nakahagis sa daan, at ang leon at ang asno ay nakatayo sa siping ng bangkay: hindi nilamon

ng leon ang bangkay, o nilapa man ang asno. 29At kinuha ng propeta ang bangkay ng lalake ng Dios, at ipinatong sa asno, at ibinalik: at naparoon sa bayan ng matandang propeta, upang tumangis, at ilibing siya. 30At inilagay niya ang kaniyang bangkay sa kaniyang sariling libingan; at kanilang tinangisan siya, na sinasabi, Ay kapatid ko! 31At nangyari, pagkatapos na kaniyang mailibing, na siya'y nagsalita sa kaniyang mga anak, na sinasabi, Pagka ako'y namatay, ilibing nga ninyo ako sa libingan na pinaglibingan sa lalake ng Dios: ilagay ninyo ang aking mga buto sa siping ng kaniyang mga buto. 32Sapagka't ang sabi na kaniyang isinigaw sa pamamagitan ng salita ng Panginoon laban sa dambana sa Beth-el, at laban sa lahat ng mga bahay sa mga mataas na dako na nangasa mga bayan ng Samaria, ay walang pagsalang mangyayari. 33Pagkatapos ng bagay na ito, si Jeroboam ay hindi tumalikod sa kaniyang masamang lakad, kundi gumawa uli mula sa buong bayan ng mga saserdote sa mga mataas na dako: sinomang may ibig, kaniyang itinatalaga upang magkaroon ng mga saserdote sa mga mataas na dako. 34At ang bagay na ito ay naging kasalanan sa sangbahayan ni Jeroboam, kaya't inihawalay at nilipol sa ibabaw ng lupa." (1 Hari 13:1-34)

Ipinadala ng Kanyang lalaki upang ihatid ang Kanyang mensahe at upang sawayin ang masamang Haring si Jeroboam na nagtayo ng kanyang mga diosdiosan sa Bethel at sa Dan at ginawa na pagbawalan ang mga Israelita na pumunta sa Jerusalem upang sumamba sa Diyos sa Templo ng Diyos gaya ng iyong mababasa: "25 Nang magkagayo'y itinayo ni Jeroboam ang Sichem sa lupaing maburol ng Ephraim, at tumahan doon; at siya'y umalis mula roon, at itinayo ang Penuel. 26At sinabi ni Jeroboam sa kaniyang sarili, Ngayoy mababalik ang kaharian sa sangbahayan ni David: 27Kung ang bayang ito ay umahon upang maghandog ng mga hain sa bahay ng Panginoon sa Jerusalem, ang puso nga ng bayang ito'y mababalik sa kanilang panginoon, sa makatuwid baga'y kay Roboam na hari sa Juda; at ako'y papatayin nila, at mababalik kay Roboam na hari sa Juda. 28Kaya't ang hari ay kumuhang payo, at gumawa ng dalawang guyang ginto; at sinabi niya sa kanila, Mahirap sa inyo na magsiahon sa Jerusalem; tingnan mo ang iyong mga dios, Oh Israel, na iniahon ka mula sa lupain ng Egipto. 29At inilagay niya ang isa sa Bethel, at ang isa'y inilagay sa Dan. 30At ang bagay na ito ay naging kasalanan: sapagka't ang bayan ay umahon upang sumamba sa harap ng isa, hanggang sa Dan. 31At siya'y gumawa ng mga bahay sa mga mataas na dako, at naghalal ng mga saserdote sa buong bayan, na hindi sa mga anak ni Levi. 32At si Jeroboam ay nagpadaos ng isang kapistahan nang ikawalong buwan, sa ikalabing limang araw ng buwan, gaya ng kapistahan sa Juda, at siya'y sumampa sa dambana; gayon ang ginawa niya sa Beth-el, na kaniyang hinahainan ang mga guya na kaniyang ginawa: at kaniyang inilagay sa Beth-el ang mga saserdote sa mataas na dako, na kaniyang mga inihalal. 33At siya'y sumampa sa dambana na kaniyang ginawa sa Beth-el nang ikalabing limang araw ng ikawalong buwan, sa makatuwid baga'y sa buwan na kaniyang inakala sa kaniyang puso: at kaniyang ipinadaos ang isang kapistahan sa mga anak ni Israel, at sumampa sa dambana upang magsunog ng kamangyan." (1 Hari 12:25-33)

Ang lalake ng Diyos na ipinadala ng Panginoon upang harapin at sawayin si Jeroboam para sa kanyang kasalanan ay ginawa ng maayos at kanyang ipinahayag ang paghatol ng Diyos sa hari sa isang nakakatakot na paraan at sa publiko sa harap ng lahat ng mga tao. Ipinahayag niya ang paghatol ng Diyos laban sa kay Jeroboam na nakatayo doon sa harap ng dambana upang gumawa ng isang bagay na laban sa kalooban ng Diyos. Mula sa talata na ating pinili maari mong makuha ang sumusunod na mga pagpapasya at mga aral upang matutunan:

1. Huwag matakot na ipahayag ang buong kalooban ng Diyos, sapagka't lahat ay magkakatatotoo: "2 At siya'y sumigaw laban sa dambana ayon sa salita ng Panginoon, at nagsabi, Oh dambana, dambana, ganito ang sabi ng Panginoon: Narito, isang bata'y ipanganganak sa sangbahayan ni David na ang pangalan ay Josias: at sa iyo'y ihahain ang mga saserdote ng mga mataas na dako na nagsisipagsunog ng kamangyan sa iyo, at mga buto ng mga tao ang kanilang susunugin sa iyo." (1 Hari 13:2) Pinaalalahanan niya si Jeroboam na ang kanyang kasalanan sa pagtatayo ng ibang relihiyosong pagdiriwang ay hahatulan ng Diyos sa paggamit sa sangbahayan ni David sa pamamagitan ng isa sa mga Hari. Marami sa ngayon ay ipinapakilala ang maraming kapistahan at pagdiriwang sa simbahan ng Diyos na wala sa Bibliya- pagdiriwang ng Kaarawan, Halloween, Araw ng Puso, Araw ng Ama, Araw ng Ina, Pasko, Araw ng Kaibigan, atbp. Ang lahat ng mga bagay na ito ay labag sa Diyos at sila'y hahatulan para doon.

Ang lalaki ng Diyos ay ibinigay sa kanya ang pangalan ni Haring Josia, na totoong ipinanganak pagkatapos ng 358 na mga taon. Ang lalaki ng Diyos ay binanggit din sa kanya na sa dambana na iyon ang mga pari ng mataas na dako'y papatayin at iaalay sa dambana, at ang buto ng mga tao ay kukunin mula sa libingan at susunugin sa

dambanang iyon. Ang lalaki ng Diyos ay ipinahayag ang lahat niyaon sa publiko sa lahat ng mga tao at hinarap silang pumuta upang maghandog ng kanilang mga kaloob sa bulaang dambanang yaon.

Ang propesiyang yaon ay natupad sa pamamagitan ni Haring Josia na ginawa ang lahat ng ipinahayag na paghatol na ito ng Diyos. "15 Bukod dito'y ang dambana na nasa Bethel at ang mataas na dako na ginawa ni Jeroboam, na anak ni Nabat, na nakapagkasala sa Israel, sa makatuwid baga'y ang dambanang yaon at ang mataas na dako ay kaniyang ibinagsak; at kaniyang sinunog ang mataas na dako at dinurog, at sinunog ang mga Asera. 16At pagpihit ni Josias, ay kaniyang natanawan ang mga libingan na nangasa bundok; at siya'y nagsugo, at kinuha ang mga buto sa mga libingan, at sinunog sa dambana, at dinumhan, ayon sa salita ng Panginoon na itinanyag ng lalake ng Dios, na siyang nagtanyag ng mga bagay na ito. 19At ang lahat na bahay naman sa mga mataas na dako na nangasa bayan ng Samaria, na ginawa ng mga hari sa Israel upang mungkahiin ang Panginoon sa galit, ay pinagaalis ni Josias, at ginawa sa mga yaon ang ayon sa lahat na gawa na kaniyang ginawa sa Beth-el. 20At kaniyang pinatay ang lahat na saserdote sa mga mataas na dako na nangandoon, sa ibabaw ng mga dambana, at sinunog ang mga buto ng mga tao sa mga yaon; at siya'y bumalik sa Jerusalem." (2 Hari 23:15-16, 19-20) Ito ay ang kabutihan mula sa Diyos upang ipadala ang babala sa mga makasalanan. Kaya maging masipag at maging instrumento upang gamitin ng Diyos upang ipadala ang Kanyang kabutihan sa mga masasamang tao na ginagawa ang kanilang pansarili sa paglilingkod sa Diyos. Huwag matakot. Pumunta sa kanila at sawayin sila para sa kanilang maling ginagawa upang sila'y maligtas.

2. Ang Diyos ay susuportahan ka ng mga tanda at mga himala: "3 At siya'y nagbigay ng tanda nang araw ding yaon, na nagsasabi, Ito ang tanda na sinalita ng Panginoon: Narito, ang dambana ay mababaak, at ang mga abo na nasa ibabaw ay mabubuhos." (1 Hari 13:3) Ang mga tao ay inihandog ang kanilang mga handog sa dambana sa parehong araw na iyon na nahati. " 5 Ang dambana naman ay nabaak, at ang mga abo ay nabuhos mula sa dambana, ayon sa tanda na ibinigay ng lalake ng Dios ayon sa salita ng Panginoon."(1 Hari 13:5) Sinuportahan ng Diyos ang Kanyang lalaki na tumayong matatag at ipinahayag ang paghatol ng mensahe ng Diyos laban sa Kanyang bayan na lumayo mula sa Kanya. Ang Diyos ay tatayong kasama mo at susuportahan ka habang sinasaway mo ang mga umalis sa simbahan at umalis at sinunod ang kanilang sariling mga diosdiosan.

3. Huwa matakot, Ang Diyos ay sasaiyo laban sa kaaway: "4 At nangyari, nang marinig ng hari ang sabi ng lalake ng Dios, na kaniyang isinigaw laban sa dambana sa Beth-el, na iniunat ni Jeroboam ang kaniyang kamay mula sa dambana, na sinasabi, Hulihin siya. At ang kaniyang kamay na kaniyang iniunat laban sa kaniya ay natuyo, na anopa't hindi niya napanauli sa dati." (1 Hari 13:4) Sinuportahan pa ng Diyos ang Kanyang lalaki nang siya ay sinaktan ng paghatol ni Jeroboam nang sinubukan niyang saktan ang kanyang propeta. "15 Na sinasabi, Huwag ninyong galawin ang mga pinahiran ko ng langis. At huwag ninyong gawan ng masama ang mga propeta ko."(Awit 105:15) Nang si Jeroboam ay naghandog sa dambana na kanyang itinayo, ang Panginoon ay hindi siya pinarusahan bagkus ipinadala niya ang Kanyang babala. Ngunit nang kanyang sinubukang saktan ang kanyang propeta, ang Panginoon ay pinahirapan siya ng paghatol sa kanya. Sa mga sumusubok upang saktan ang mga gumagawa ng gawain ng Diyos ay parurusahan ng Diyos. Kaya't huwag kang matakot. Ang Diyos ay sasaiyo laban sa iyong kaaway.

4. Maging maawain at manalangin para sa mga makasalanan na humihingi ng mga panalangin: "6 At ang hari ay sumagot, at nagsabi sa lalake ng Dios, Isamo mo ngayon ang biyaya ng Panginoon mong Dios, at idalangin mo ako, upang ang aking kamay ay gumaling. At idinalangin ng lalake ng Dios sa Panginoon, at ang kamay ng hari ay gumaling uli, at naging gaya ng dati." (1 Hari 13:6) Ang lalaki ng Diyos ay nahabag kay Jeroboam kaya't siya'y idinalangin. Ang punto na nais nating palawakin dito, Si Jeroboam ay hindi nagsisi nang ipinadala ng Diyos ang Kanyang paghatol. Kaya nang ang lalaki ng Diyos ay nanalangin para sa kanyang kamay upang manumbalik, inilagay niya ang posibilidad na si Jeroboam ay maaring magsisi ng kanyang kasalanan kapag natanggap niya ang awa ng Diyos. Si Jeroboam nang siya ay pinahirapan hindi siya nanalangin at humingi ng kagalingan mula sa dambana na kanyang itinayo, kaya't ang lalaki ng Diyos ay maaring ilagay ang posibilidad na si Jeroboam ay maaring magsisi at yaon ay isa pang dahilan sa kanya upang idalangin. Ang iyong pakay ay dapat magdala ng bunga sa buhay ng mga tao na iyong miniministerio.

5. Pansinin kung ang mga tao ay nagsisi o hindi: "7 At sinabi ng hari sa lalake ng Dios, Umuwi kang kasama ko, at kumain ka, at bibigyan kita ng kagantihan." (1 Hari 13:7) Si Jeroboam pagkatapos na siya'y gumaling, hindi siya nagsisi mula sa kanyang kasalanan. Kung siya ay nagsisi ipapahayag niya sa publiko ang kanyang maling ginawa, at kung gusto niyang magbigay ng isang kaloob dapat niya itong ibigay sa Diyos at ipadala ito sa Jerusalem sa dambana ng Diyos, Maging mapagbatid, ang mga tao ay maaaring magbigay sayo ng pagkain, anyayahan ka upang kumain, magbigay sa iyo ng pagkain ngunit sila ay hindi nagsisisi. Dapat kang maging mapagbatid at ilayo ang iyong sarili at huwag ipagpatuloy na pumayag sa kanilang maling mga paraan ng buhay at ng kanilang pagsamba sa mga diosdiosan.

6. Manindigan at maging matatag sa mga tao na ipinadala sayo ng Diyos upang maglingkod. "8 At sinabi ng lalake ng Dios sa hari, Kung ang ibibigay mo sa akin ay kalahati ng iyong bahay ay hindi ako yayaong kasama mo, o kakain man ako ng tinapay o iinom man ako ng tubig sa dakong ito: 9 Sapagka't gayon ibinilin sa akin sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na sinasabi, Huwag kang kakain ng tinapay, o iinom man ng tubig, ni babalik man sa daan na iyong pinanggalingan." (1 Hari 13:8-9) Ang lalaki ng Diyos ay inutusan na gawin ang dalawang mga bagay sa Bethel:

A. Huwag kumain o uminom ng anuman sa dakong iyon: Sinadya ng Diyos na sabihin sa mga tao ng Bethel, na kinsusuklaman Niya ang kanilang kasalanan at ang pakikipagugnayan sa kanila maliban sila'y magsisi. Ang lalaki ng Diyos ay sinabi kay Jeroboam, "Hindi ako pupunta kasama mo," at siya ay tumanggi na kunin ang anuman mula sa kanya, "Kahit na ibigay mo pa sa akin ang kalahati ng iyong mga kayamanan." Sa ganitong uri ng gawa at paguugali, ang mensahe ng pagsaway ay mas matindi at pinagtibay.

B. Huwag bumalik sa daan na kanyang pinanggalingan: Ang paliwanag nito ay upang ipakita sa mga tao ng Bethel na ang lalaki ng Diyos ay hindi pumunta sa kanila kundi nakasalubong niya ang mga ito habang siya ay dumadaan. Ang layunin niyaon ay huwagi ipakita sa kanila ang kahalagahan upang huwag nilang ipagmalaki ang kanilang mga sarili. "10 Sa gayo'y yumaon siya sa ibang daan, at hindi na bumalik sa daan na kaniyang pinanggalingan sa Beth-el." (1 Hari 13:10) Sa paraang ito'y nagpapakita na siya'y dumaan lamang at hindi sinadyang puntahan sila. Maging maingat na sumunod sa utos at ipatupad sa kanila kapag ikaw ay naglilingkod sa mga tao, upang matanggap nila ang tamang mensahe.

7. Maging masunurin sa utos na ibinigay sayo ng Diyos: Maaring hindi mo maunawaan kung bakit hinihingi sayo ng Diyos ang ilang utos upang gawin, ngunit habang ikaw ay sumusunod sa Kanya sa gayon ang karunungan ng Diyos ay makikita sa iyong paglilingkod at magagawa mong harapin ng matalino ang mga tao na ipinadala Niya sayo upang paglingkuran.

8. Maging alisto sa bulaang mga propeta na sumusubok upang bitagin ka: "11 Tumatahan nga ang isang matandang propeta sa Beth-el; at isa sa kaniyang mga anak ay naparoon, at isinaysay sa kaniya ang lahat ng mga gawa na ginawa ng lalake ng Dios sa araw na yaon sa Beth-el: ang mga salita na kaniyang sinalita sa hari, ay siya ring isinaysay nila sa kanilang ama. 12 At sinabi ng kanilang ama sa kanila, Saan siya napatungo? At itinuro sa kaniya ng kaniyang mga anak ang daang pinatunguhan ng lalake ng Dios na nanggaling sa Juda. 13 At sinabi niya sa kaniyang mga anak, Siyahan ninyo sa akin ang asno. Sa gayo'y kanilang siniyahan ang asno sa kaniya: at kaniyang sinakyan. 14 At kaniyang sinundan ang lalake ng Dios, at nasumpungan niyang nakaupo sa ilalim ng isang puno ng encina: at sinabi niya sa kaniya, Ikaw ba ang lalake ng Dios na nanggaling sa Juda? At sinabi niya, Ako nga." (1 Hari 13:11-14) Ang dating propetang yaon ay masama at isang bulaan. Hindi siya pumunta sa lalaki ng Diyos upang tulungan siya, o tingnan siya at sa pangangailangan ng kanyang katawan, o kumuha ng karunungan ng Diyos mula sa kanya. Bagkus siya ay pumunta sa kanya upang bitagin siya. Malamang siya sinanay ng isa sa paaralan ni Samuel ang propeta, ngunit siya'y umalis sa mga paraan ng katuwiran at sa totoong pagsamba sa Diyos at sumama kay Jeroboam. Kung siya ay isang totoong propeta hindi niya hahayaan ang kanyang mga anak na dumalo sa kapistahan ni Jeroboam. Karagdagan siya ay nagsinungaling sa lalaki ng Diyos, "15 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniya, Umuwi kang kasama ko, at kumain ng tinapay. 16 At sinabi niya, Hindi ako makababalik na kasama mo, o makapapasok na kasama mo: ni makakain man ng tinapay o makaiinom man ng tubig na kasalo mo sa dakong ito: 17 Sapagka't isinaysay sa akin sa pamamagitan ng salita ng Panginoon. Huwag kang kakain ng tinapay o iinom man ng tubig doon, o babalik man na yumaon sa daan na iyong pinanggalingan. 18 At sinabi niya sa kaniya, Ako man ay propeta na gaya mo; at isang anghel ay nagsalita sa akin

sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na nagsasabi, Ibalik mo siya na kasama mo sa iyong bahay, upang siya'y makakain ng tinapay at makainom ng tubig. Nguni't siya'y nagbulaan sa kaniya." (1 Hari 13:15-18) Ang bulaang mga propeta ay sinungaling at ang pagsisinungaling ay normal na wika sa kanila. Sila'y mga lingkod ng diablo at ang kanilang paglilingkod ay upang bitagin ang mga tao ng Diyos. Ang bulaang propeta ay nagsinungaling sa lalaki ng Diyos sa tatlong mga bagay; 1. Ipinahayag ang kanyang sarili bilang isang propeta, 2. Nagsabi ng isang nilubid na kwento na parang totoo, 3. at ginamit niya ang pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan na nagsasabi na inutusan siya ng Diyos na gawin.

9. Maging alisto sa mga manunukso: "19 Sa gayo'y bumalik na kasama niya, at kumain ng tinapay sa kaniyang bahay at uminom ng tubig." (1 Hari 13:19) Ang pagkain at inumin ay kahinaan at ang diablo ay maaring makapasok sa iyong buhay at wasakin ka sa pamamagitan niyaon, kaya maging maingat. Ang diablo ay tinukso si Eba at nagtagumpay na makakain siya mula sa pinagbabawa na puno. Ang manunukso ay tinukso din si Jesus nang siya nagutom, ngunit, "4 Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi, Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Dios." (Mateo 4:4) Ang bulaang mga propeta ay ang mga nakakaalam ng salita ng Diyos ngunit hindi nila isinasabuhay ito, at ang kanilang pakay ay pilitin at akitin ang iba na gawin at maging kagaya nila gaya ng mababasa dito, "Nguni't binigyan ninyo ang mga Nazareo ng alak na maiinom, at inutusan ninyo ang mga propeta, na sinasabi, Huwag kayong manganghuhula." (Amos 2:12) Ang bulaang mga propeta ay kanilang itinutulak ang taong nakatuon at sinusubukang kumbinsihin sila na sirain ang kanilang pangako sa Diyos. Yaon ay masama at masamang pamamaraan para sa masamang bulaang mga propeta. At iniibig nilang iligaw ang mga tao mula sa paraan ng katuwiran, at gawin ng iba na magkasala at gawin ang katulad. Tunay na sila'y lingkod ni Satanas. At ito ang sinsabi ng salita ng Diyos sa atin tungkol sa ganitong mga propeta. "9Tungkol sa mga propeta. Ang puso ko sa loob ko ay bagbag, lahat kong buto ay nanginginig; ako'y parang langong tao, at parang taong dinaig ng alak, dahil sa Panginoon, at dahil sa kaniyang mga banal na salita.10 Sapagka't ang lupain ay puno ng mga mangangalunya; sapagka't dahil sa sumpa ay tumatangis ang lupain; ang mga pastulan sa ilang ay natuyo. At ang kanilang lakad ay masama, at ang kanilang lakas ay hindi matuwid.11 Sapagka't ang propeta ay gayon din ang saserdote ay marumi; oo, sa aking bahay ay nasumpungan ko ang kanilang kasamaan, sabi ng Panginoon.12 Kaya't ang kanilang daan ay magiging sa kanila'y parang mga madulas na dako sa kadiliman: sila'y isusudlong, at mangabubuwal doon; sapagka't ako'y magpaparating ng kasamaan sa kanila, sa makatuwid baga'y sa taon ng pagdalaw sa kanila, sabi ng Panginoon.13 At nakita ko ang kamangmangan sa mga propeta ng Samaria; sila'y nanganghuhula sa pamamagitan ni Baal, at inililigaw ang aking bayang Israel." (Jeremiah 23:9-13) Marami sa mga simbahan sa panahon ngayon ay puno ng mga tao na nagtuturo ng mali, at hinihikayat ang mga kabataan upang magkasala sa pangaakit sa kanila na kumain na inihandog para sa mga diosdiosan, pagdiriwang ng Kaarawa, Halloween, Araw ng mga Puso, Araw ng Ama, Araw ng Ina, Pasko, Araw ng Kaibigan, atbp. at itinutulak ang kanilang mga kasapi na gumawa ng immoralidad at kinukunsinti sila na magkaroon ng kasintahang lalake, kasintahang babae, namumuhay sa relasyon, paghihiwalay at pagaasawang muli.

10. Maging alisto tungkol sa gawa at mga kilos sapagkat ikaw ay may pananagutan sa Diyos:"19 Sa gayo'y bumalik na kasama niya, at kumain ng tinapay sa kaniyang bahay at uminom ng tubig."(1 Hari 13:19) Ang isang pagkain ay nagdulot sa buhay ng lalaki yaon ng Diyos. Habang alam mo ang sinalita ng Diyos sayo sa gayon hindi mo dapat hayaan ang iba na tuksuhin ka o pilipitin ka. Ang lalaki ng Diyos ay dapat napagtanto na ang dating propetang ito ay masama, dahil kung siya ay matuwid na lalaki ng Panginoon ay gagamitin siya upang sawayin si Jeroboam at hindi kailangn siyang maipadala sa lugar na yaon. Hindi siya dapat nagtiwala sa kanya dahil hindi siya ginamit ng Diyos na gawin ang ministerio na ginawa ng lalaki ng Diyos. Kung ikaw ay nahaharap sa ganitong uri ng mga tao na nagpapahayag na mga pasto, mga propeta, mga manggagawa, atbp huwag maniwala sa kanila hanggang sinusubukan sila at makita ang kanilang bunga, "21Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay, ingatan ninyo ang mabuti; 22 Layuan ninyo ang bawa't anyo ng masama."(1 Tesalonica 5:21-22)

11. Didisiplinahin ka ng Diyos para sa iyong pagsuway at pagbabayaran mo ang kinahinatnan ng iyong mga kasalanan: "20 At nangyari, samantalang sila'y nauupo sa dulang, na ang salita ng Panginoon ay dumating sa propeta na nagpabalik sa kaniya: 21At siya'y sumigaw sa lalake ng Dios na nanggaling sa Juda, na sinasabi, Ganito ang sabi ng Panginoon: Sa paraang ikaw ay naging manunuway sa bibig ng Panginoon, at hindi mo iningatan ang utos na iniutos ng Panginoon sa iyo, 22 Kundi ikaw ay bumalik at kumain ng tinapay, at uminom ng tubig sa

dakong kaniyang pinagsabihan sa iyo: Huwag kang kumain ng tinapay, at huwag kang uminom ng tubig; ang iyong bangkay ay hindi darating sa libingan ng iyong mga magulang." (1 Hari 13:20-22) Ipinahayag ng Diyos sa Kanyang lingkod ang parusa para sa kanyang kasalanan. Ang kahatulan ay magsisimula sa tahanan ng Diyos, upang dalhin ng mabilis ang pagsisisi sa kanilang buhay. Ang lalaki ng Diyos ay narinig ang kanyang pangungusap at tinanggap ito at hindi gumanti at ipinagtanggol ang kanyang sarili.

12- Ginamit ng Diyos ang bulaang propeta upang ipahayag ang Kanyang paghatol sa lalaki ng Diyos: Yaon ay hindi kakaiba; ginamit ng Diyos si Balaam upang ipahayag ang kanyang mensahe. At ang mensahe ng Diyos ay unang ibinigay sa bulaang propeta at ito ay nakakagimbal na mensahe, "21 At siya'y sumigaw sa lalake ng Dios na nanggaling sa Juda, na sinasabi, Ganito ang sabi ng Panginoon: Sa paraang ikaw ay naging manunuway sa bibig ng Panginoon, at hindi mo iningatan ang utos na iniutos ng Panginoon sa iyo," (1 Hari 13:21) Ngayon kung ang Diyos ay hinatulan ang Kanyang lalaki para sa isang pagsuway gaano pa kaya tatanggapin ng bulaang propeta ang paghatol ng Diyos? Ito ay nakakatakot na mensahe hindi sa lalaki ng Diyos kundi ang una ng mensahe ay nakakatakot sa bulaang propeta kaya naman siya'y umiyak sa pagpapahayag nito. Kahit ngayon, ang mensahe ay nakakagimbal sa atin, na ang Panginoon ay hahatulan tayo kung bibiguin natin siya at sumuway sa Kanyang Salita. Samakatuwid tayo ay magsisi at kuning mataimtim ang mensahe na narinig nating ngayon. Tiyak na hahatulan ka ng Diyos kung susuwayin mo Siya at sisirain ang Kanyang mga utos sayo.

13. Tinupad ng Diyos ang kanyang paghatol: "23At nangyari, pagkatapos na makakain ng tinapay, at pagkatapos na makainom, na siniyahan niya ang asno para sa kaniya, sa makatuwid baga'y para sa propeta na kaniyang pinabalik. 24At nang siya'y makayaon, isang leon ay nasalubong niya sa daan, at pinatay siya: at ang kaniyang bangkay ay napahagis sa daan, at ang asno ay nakatayo sa siping; ang leon naman ay nakatayo sa siping ng bangkay." (1 Hari 13:23-24) Pinatay ng leon ang lalaki ng Diyos ngunit hindi niya ito kinain. Pinarusahan siya ng Diyos para sa kanyang kasalanan, at itinalaga sa kanya na hindi mailibing sa puntod ng kanyang ama. Ngunit ang lalaki ng Diyos ay naligtas, sapagkat walang hanggang paghatol ang ipinataw sa kanya, at ang katunayan niyaon ay ito: nang si Haring Josia ay isinagawa ang parusa ng Diyos ay hindi niya ginambala ang kanyang libingan o inilantad ang kanyang mga buto, "17Nang magkagayo'y kaniyang sinabi, Anong monumento yaong aking nakikita? At isinaysay ng mga lalake ng bayan sa kaniya, Yao'y libingan ng lalake ng Dios, na nanggaling sa Juda, at itinanyag ang mga bagay na ito na iyong ginawa laban sa dambana sa Beth-el. 18 At kaniyang sinabi, Bayaan ninyo; huwag galawin ng sinoman ang mga buto niya. Sa gayo'y binayaan nila ang mga buto niya, na kasama ng mga buto ng propeta na nanggaling sa Samaria." (2 Hari 23:17-18)

14- Tinupad ng Diyos ang kanyang sinabi upang dalhin ang iba sa pagsisisi: "25 At, narito, may mga taong nagsipagdaan, at nakita ang bangkay na nakahagis sa daan, at ang leon ay nakatayo sa siping ng bangkay: at sila'y yumaon at isinaysay nila sa bayan na kinatatahanan ng matandang propeta. 26At nang marinig ng propeta na nagpabalik sa kaniya sa daan, sinabi niya: Lalake nga ng Dios, na naging masuwayin sa bibig ng Panginoon, kaya't ibinigay siya ng Panginoon sa leon, na lumapa sa kaniya at pumatay sa kaniya ayon sa salita ng Panginoon, na sinalita sa kaniya." (1 Hari 13: 25-26) Nakita ng mga tao ang pinangyarihan at naunawaan ang nangyari. Ang leon ay hindi kinain ang lalaki ng Diyos o pinatay ang asno, at alam ng lahat na yaon ay gawa ng Diyos. Ang kamatayan ay mabigat at nagdala ng malalim na paghatol. Sa paraang ito ang mensahe ng paghatol ng Diyos ay ipinahayag sa mas malalang paraan sa bayan ng Bethel.

15. Ang mamamatay ay dinala sa pinangyarihan at nagdala sa pagsisisi: Ang mamatay ay ang bulaang propeta ng Samaria, "27At sinalita niya sa kaniyang mga anak na sinasabi, Siyahan ninyo sa akin ang asno. At kanilang siniyahan. 28At siya'y yumaon, at nasumpungan ang kaniyang bangkay na nakahagis sa daan, at ang leon at ang asno ay nakatayo sa siping ng bangkay: hindi nilamon ng leon ang bangkay, o nilapa man ang asno. 29At kinuha ng propeta ang bangkay ng lalake ng Dios, at ipinatong sa asno, at ibinalik: at naparoon sa bayan ng matandang propeta, upang tumangis, at ilibing siya. 30At inilagay niya ang kaniyang bangkay sa kaniyang sariling libingan; at kanilang tinangisan siya, na sinasabi, Ay kapatid ko! 31At nangyari, pagkatapos na kaniyang mailibing, na siya'y nagsalita sa kaniyang mga anak, na sinasabi, Pagka ako'y namatay, ilibing nga ninyo ako sa libingan na pinaglibingan sa lalake ng Dios: ilagay ninyo ang aking mga buto sa siping ng kaniyang mga buto. 32Sapagka't ang sabi na kaniyang isinigaw sa pamamagitan ng salita ng Panginoon laban sa dambana sa Beth-el, at laban sa lahat ng mga bahay sa mga mataas na dako na nangasa mga bayan ng Samaria, ay walang pagsalang mangyayari."

(1 Hari 13:27-32) Ag bulaang propeta ay nahatulan sa tunay na parusa ng Diyos. Kinuha niya ang lalaki ng Diyos at ang kanyang dugo ay namantsahan sa kanyang kasuotan, napagtanato na siya ang pumatay sa kanya sa kanyang pagsisinungaling at napagtanto na hinatulan siya ng Diyos sa mas malalang paraan kung siya ay hindi magsisisi. Kaya siya'y nagdesisyong magsisi at piniling huwag ilaan ang kanyang buhay sa apoy. Pinili niya ang tadhana ng lalaki ng Diyos na kanyang inilibing. Ang pagsisisi ng bulaang propetang yaon ay nagpatunay nang ang kanyang mga buto ay itinabi at hindi inilantad nang isagawa ni Josia ang parusa ng Diyos. "17Sapagka't isinaysay sa akin sa pamamagitan ng salita ng Panginoon. Huwag kang kakain ng tinapay o inom man ng tubig doon, o babalik man na yumaon sa daan na iyong pinanggalingan. 18At sinabi niya sa kaniya, Ako man ay propeta na gaya mo; at isang anghel ay nagsalita sa akin sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na nagsasabi, Ibalik mo siya na kasama mo sa iyong bahay, upang siya'y makakain ng tinapay at makainom ng tubig. Nguni't siya'y nagbulaan sa kaniya." (1 Hari 23:17-18) Ipagpatuloy kung ano ang sinasabi ng Diyos sayo na gawin at ang kahahantungan ng iyong paglilingkod ay nasa kamay ng Diyos. Gawin mo ang iyong bahagi at Siya ang magdadala sa mga makasalanan sa pagsisisi.

16. Ang iba ay pinatigas ang kanilang mga puso: "33 Pagkatapos ng bagay na ito, si Jeroboam ay hindi tumalikod sa kaniyang masamang lakad, kundi gumawa uli mula sa buong bayan ng mga saserdote sa mga mataas na dako: sinomang may ibig, kaniyang itinatalaga upang magkaroon ng mga saserdote sa mga mataas na dako. 34At ang bagay na ito ay naging kasalanan sa sangbahayan ni Jeroboam, kaya't inihwalay at nilipol sa ibabaw ng lupa." (1 Hari 13:33-34) Si Jeroboam ay hindi nagsisi, at tila tumigas ang kanyang puso at nagpatuloy sa kanyang kasalanan. Sinubukan ng Diyos sa kanya ang Kanyang paghatol (pagbabalala sa kanya dahilang ng pagtuyo ng kanyang kamay) at kanyang awa (pagpapagaling sa kanyang kamay) at nang hindi siya tumugon pagkatapos pinatigas niya ang kanyang puso sa pagkamatay ng lalaki ng Diyos. Si Jeroboam ay maaring nagsalita ng masama laban sa lalaki ng Diyos at maaaring ginagamit niya ang paghatol ng Diyos sa kanya para bigyang katwiran ang kanyang katayuan at mga kilos.

Sa aking mahal at minamahal: Patuloy maglingkod sa Diyos at sumunod sa Kanyang utos ng maayos. Maging alisto at mapagmasid, ang diablo ay nasa paligid at isang leong umuugal. Huwag hayaan upang hatakin ka. Huwag mong hayaan na tuksuhin at magdulot sayo upang magkasala. Sundin nang mabuti at ilapat nang tiyak ang utos na ibinigay sayo, "8 Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya: 9 Na siya'y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan." (1 Pedro 5:8-9) Habang ikaw ay sumusunod at tumatalima sa Salita ng Diyos at utos Siya ang magliligtas sayo mula sa panganib ng diablo gaya ng sinabi ni Pablo, "16 Sa aking unang pagsasanggalang sinoman ay walang kumampi sa akin, bagkus pinabayaan ako ng lahat: huwag nawang ibilang sa kanila ito. 17 Datapuwa't ang Panginoon ay sumaakin, at ako'y pinalakas; upang sa pamamagitan ko ang mabuting balita ay maitanyag ng ganap, at upang mapakinggan ng lahat ng mga Gentil: at ako'y iniligtas sa bibig ng leon. 18Ako'y ililigtas ng Panginoon sa bawa't gawa ng masama, at ako'y kaniyang iingatan sa kaniyang kaharian sa langit: na sumakaniya nawa ang kaluwalhatian magpakailan man. Siya nawa." (2 Timoteo 4:16-18) Huwag magtiwala sa kasinungalingan ng diablo o ng kanyang mga alagad ang bulaang mga propeta. Magtiwala sa Diyos, magtiwala sa Kanyang Salita at sa Kanyang itinagubilin sayo. Patuloy na sumunod sa Kanyang Salita at huwag bigyang tuntungan para sa diablo.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong malinaw na salita sa akin. Panginoon iligtas ako mula sa sinungaling na mga labi at mapanlinlang na dila. Panginoon bigyan ako ng matinong isip, pagkilala at tulongan akong sabihing 'Hindi, 'sa demonyong kasinungalingan.

Panginoon ako'y nagsisi mula sa sumusunod na mga kasalanan

Panginoon ako'y nagsisisi mula sa pagibig ng pagiging kaibigan na ililigaw ako.

Panginoon ako'y nagsisisi mula sa kalahating pagsunod, na kung saan ay pagsuway.

Panginoon kahabagan mo ako at panumbalik akong muli sa paraan na kailangan kong maging.

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na maglingkod sayo at gawin ng tiyak ang mga tagubilin na aking natatangap mula sayo, mula sa iyong Salita at mula sa si mbahan na ipinagkaloob mo sa akin.

Narito ako Panginoon ipadala mo ako, Ako'y nagtitiwala sayo na ikaw ay nasa tabi ko at ililigtas ako mula sa bibig ng mga leon. Panginoon ako'y nagtitiwala sayo na poprotektahan mo ako , na ibibigay mo ang lahat mg aking pangangailangan at gagawa ka ng maraming mga himala habang ako'y sumusunod sa iyong pagtawag at patuloy na maglingkod sayo.

Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisisi at tinalikdan ang kanilang mga kasalanan. Panginoon kahabagan mo sila at panumbalikin pabalik sa magandang plano na mayroon ka sa kanila. Panginoon habang kanilang ipinapangako ang kanilang buhay upang tumalima sa tiyak na iyong mga tagubilin, Panginoon ibigay ang kanilang mga kailangan, pagalingin ang may sakit sa kanila, paginhawain ang mga nanghihina at panatilihin sila ng iyong awa at biyaya.

Ako'y nagpapasalamat at nagpupuri sa iyong Salita na sinalita sa amin at idinirekta kami upang bumalik sa iyong mga paraan at mabuhay sa katotohanan. Panginoon kami'y nananalangin para sa simbahan na lumago. Kami'y nananalangin para sa maraming pageebanghelyo at para sa maraming mga kaluluwa upang maani. Panginoon kami'y nananalangin para sa maraming pagaaral ng Bibliya na maitanim. Panginoon kami'y nananalangin na aming buhay na patotoo at aming paninindigan sa iyong Salita ay maging mabuting patotoo upang maakit ang iba na sumunod sayo. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at palayain kami mula sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:

00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.